



# Ang Social Security Number at Card Mo

## Ano ang nasa loob

Paano ako kukuha ng SSN at card?	2
Magkano ito?	2
Mayroon bang iba't ibang uri ng card?	2
Paano ko ikukuha ng SSN ang anak ko?	3
Paano kung nagbago ang pangalan ko?	3
Paano ko matitiyak na tumpak ang mga rekord ko?	4
Paano kung nagbago ang aking istado sa imigrasyon o pagkamamamayan?	4
Paano kung mawala o manakaw ang card ko?	5
Paano ko maiingatan ang aking SSN?	5
Pakikipag-ugnayan sa Amin	6

Kailangan ba ng hindi mamamayan ang numero ng Social Security (SSN). Ginagamit namin ang iyong SSN para irekord ang kita mo at malaman kung kuwalipikado ka sa mga benepisyo ng Social Security at ilang partikular na serbisyo ng gobyerno. Hinihingi din ng maraming institusyong pampinansyal, tulad ng mga bangko at kumpanya ng kredito, ang iyong number kapag nagbubukas ka ng account.

Kung ikaw ay hindi mamamayan na nakatira sa Estados Unidos, maaaring kailangan mo rin ng SSN. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Mga Social Security Number para sa mga Hindi Mamamayan* (Publication No. 05-10096). Kung pansamantala kang nakatira sa Estados Unidos para magtrabaho, tingnan ang *Foreign Workers and Social Security Numbers* (Publication No. 05-10107) (Mga Dayuhang Trabahador at Social Security Number).

## Paano ako kukuha ng SSN at card?

Para makapag-aplay ng SSN at card, bisitahin ang aming page ng *Social Security Number and Card* sa **[www.ssa.gov/ssnumber](http://www.ssa.gov/ssnumber)** (available lang sa wikang Ingles). Sa page na ito, sasagutin natin ang ilang magkakasunod na tanong para malaman kung kaya mong:

- Kumpletuhin ang proseso ng aplikasyon online.
- Simulan ang proseso ng aplikasyon online, at dalhin ang anumang kinakailangang dokumento sa iyong lokal na opisina para makumpleto ang aplikasyon, karaniwan na nang mas mabilis.
- Kumpletuhin ang buong proseso ng aplikasyon sa iyong lokal na opisina.

Kung hindi mo makumpleto ang aplikasyon online, dapat kang magpunta sa opisina ng **Social Security**. Kailangan mong ipakita sa amin ang orihinal na mga dokumento o kopya na sertipikado ng ahensiyang naglabas nito na nagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan, edad, kalagayan ng pagkamamamayan/imigrasyon. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o notarized na mga kopya.

**Para malaman kung anong mga dokumento ang kailangan mo**, bisitahin ang **[www.ssa.gov/ssnumber/ss5doc.htm](http://www.ssa.gov/ssnumber/ss5doc.htm)** (available lang sa wikang Ingles). Kapag nakumpleto mo na ang aplikasyon mo (online o nang personal), ipapadala namin sa iyo ang card mo sa address na inilagay mo sa aplikasyon mo. Matatanggap mo ang card mo sa loob ng 7-10 araw ng trabaho.

Kailangan naming personal na mainterbyu ang sinumang nag-aaplay para sa orihinal na SSN na 12 anyos pataas, kahit na ang magulang o tagapagbantay ang pumirma sa aplikasyon para sa anak.

## Magkano ito?

Walang bayad ang SSN at card. Kung may gustong singilin ka para sa pagkuha ng number o card, mangyaring tandaan na libre ang mga serbisyong ito. Maaari mong iulat ang sinumang sumusubok na singilin ka sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming Office of the Inspector General (Tanggapan ng Inspector General) sa **<https://oig.ssa.gov>** (available lang sa wikang Ingles).

## Mayroon bang iba't ibang uri ng card?

Nagbibigay kami ng 3 uri ng Social Security card. Makikita sa lahat ng card ang pangalan mo at SSN.

- Sa unang uri ng card, makikita lang ang pangalan mo at SSN. Maaaring magtrabaho nang walang paghihigpit ang mga taong may ganitong uri ng card. Iniisyu namin ito sa:
  - mga mamamayan ng U.S.
  - Mga taong may istadong Legal na Permanenteng Paninirahan.
- Ipinapakita ng pangalawang uri ng card ang iyong pangalan at number at mga tala, "VALID FOR WORK ONLY WITH DHS AUTHORIZATION" (BALIDO PARA SA PAGTATRABAHO LAMANG KASAMA NG PAHINTULOT NG DHS). Ibinibigay namin ang card na ito sa mga tao na idineklarang pansamantala lang sila sa Estados Unidos at may awtorisasyon silang magtrabaho mula sa Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan) (DHS).
- Ipinapakita ng ikatlong uri ng card ang iyong pangalan at number at mga tala, "NOT VALID FOR EMPLOYMENT" (HINDI BALIDO

PARA SA PAGTATRABAHO). Ibinibigay namin ito sa mga tagaibang bansa na nakaabot sa isa sa mga sumusunod:

- Legal silang tinatanggap sa United States nang walang pahintulot ng DHS na magtrabaho, ngunit may wastong dahilan na mangailangan ng SSN kahit hindi nagtatrabaho.
- Kailangan nila ng SSN dahil my batas ang gobyerno na humihiling na kumuha silang SSN para makakuha ng benepisyong o serbisyo.

## Paano ko ikukuha ng SSN ang anak ko?

Magandang ideya na humiling ng number kapag ipinanganak ang anak mo. Maaari kang mag-aplay ng SSN para sa iyong sanggol kapag nag-aplay ka para sa sertipiko ng kapanganakan ng iyong sanggol. Ibabahagi ng ahensya ng estado na nag-i-isyu ng mga sertipiko ng kapanganakan ang impormasyon ng iyong anak sa amin. Magbibigay kami sa iyo ng SSN at ipapadala sa iyo ang Social Security card.

O puwede kang maghintay at mag-apply sa anumang opisina ng Social Security. Kung maghihintay ka, dapat kang magbigay ng katibayan ng edad, pagkakakilanlan, at istado ng pagkamamamayan sa U.S. ng iyong anak. Dapat mong ipakita sa amin ang katibayan ng iyong relasyon, o responsibilidad para sa bata. Dapat mo ring ipakita sa amin ang patunay ng pagkakakilanlan mo. Dapat naming i-verify ang rekord ng kapanganakan ng anak mo, na maaaring magdagdag ng hanggang 12 linggo na kinakailangan para ma-isyu ang card. Para i-verify ang rekord ng kapanganakan, makikipag-ugnayan kami sa tanggapan na nag-isyu nito.

Para sa ampon, maaari kaming magtalaga sa iyong anak ng number bago makumpleto ang pag-ampon, ngunit maaaring gugustohin mong maghintay. Pagkatapos, maaari kang mag-aplay para sa number gamit ang bagong pangalan ng anak mo. Kung gusto mong i-claim ang anak mo para sa mga layunin ng buwis habang nakabinbin pa ang pag-ampon, makipag-ugnayan sa Internal Revenue Service (Serbisyo ng Rentas Internas) para sa Form W-7A, *Application for Taxpayer Identification Number for Pending U.S. Adoptions* (Aplikasyon para sa Numero ng Tax Identification para sa mga Nakabinbin na Pag-ampon sa U.S.). Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang *Social Security Numbers for Children* (Publication No. 05-10023) (Mga Social Security Number para sa mga Bata).

## Paano kung nagbago ang pangalan ko?

Kung legal mong pinalitan ang pangalan mo dahil sa kasal, diborsiyo, utos ng hukuman o anumang iba pang dahilan, kailangan mong sabihin ito sa amin para makapagbigay kami ng itinamang card. Kung nagtatrabaho ka, sabihin din sa employer mo. Para simulang baguhin ang pangalan, sundan ang mga hakbang na binanggit sa [www.ssa.gov/ssnumber](http://www.ssa.gov/ssnumber) (available lang sa wikang Ingles).

Kung hindi mo sasabihin sa amin ang iyong pagpapalit pangalan, maaaring:

- Maantala ang refund mo sa buwis.
- Hindi mai-post nang tama ang suweldo mo sa rekord ng Social Security, na maaaring magpababa sa benepisyong makukuha mo sa Social Security sa hinaharap.

Kung kailangan mong baguhin ang pangalan mo sa Social Security card, dapat kang magpakita sa amin ng mga dokumento ng

legal na pagbabago ng pangalan mo. Ang mga dokumentong maaari naming tanggapin bilang patunay ng legal na pagpapalit ng pangalan ay kinabibilangan ng:

- Dokumento ng kasal.
- Decree ng diborsiyo.
- Sertipiko ng Naturalisasyon na nagpapakita ng bagong pangalan.
- Utos ng korte para sa pagpapalit ng pangalan.

Kung ang dokumentong ibinigay mo bilang katibayan ng legal na pagpapalit ng pangalan ay hindi nagbibigay sa amin ng sapat na impormasyon para makilala ka sa aming mga rekord, o kung pinalitan mo ang iyong pangalan nang higit sa 2 taon na ang nakararaan (4 na taon na ang nakararaan kung ikaw ay mas bata sa edad na 18), dapat kang magpakita sa amin ng dokumento ng pagkakakilanlan sa dati mong pangalan (tulad ng ipinapakita sa aming mga talaan). Tatanggapin namin ang dokumento ng pagkakakilanlan sa dati mong pangalan na nag-expire na.

Kung wala kang dokumento ng pagkakakilanlan sa iyong dating pangalan, maaari naming tanggapin ang may bisang dokumento ng pagkakakilanlan na nasa pangalan mo. Maaari naming gawin ito basta matiyak namin ang pagkakakilanlan mo sa rekord namin.

Pareho lang ang number sa bago mong card sa dati mong card pero ipapakita ang bago mong pangalan.

## Paano ko matitiyak na tumpak ang mga rekord ko?

Bawat taon magpapadala sa amin ang employer mo ng kopya ng iyong Form W-2 (*Wage and Tax Statement*) (Pahayag ng Sahod at Buwis). Ikukumpara namin ang iyong pangalan at SSN

sa Form W-2 sa impormasyon ng mga rekord namin. Idadagdag namin ang kita na nasa Form W-2 sa kinita sa rekord ng iyong Social Security.

Napakahalagang tugma ang pangalan mo at ang SSN sa iyong Social Security sa payroll ng amo mo at ang Form W-2. Magbibigay-daan ito sa amin na ilagay ang mga kinita sa rekord mo. Ikaw ang bahalang tumiyak na magkatugma ang rekord mo sa Social Security at ang rekord ng amo mo. Kung mali ang pangalan mo o number sa Social Security card, kontakin ang anumang opisina ng Social Security para gumawa ng pagbabago. Suriin ang iyong Form W-2 para matiyak na tama ang rekord ng iyong employer at, kung hindi, ibigay sa employer mo ang tumpak na impormasyon.

Puwede mong tingnan ang rekord ng kinita gamit ang personal na *my* Social Security account. Para marepaso ang kinita mo, magpunta sa **[www.ssa.gov/myaccount](http://www.ssa.gov/myaccount)** (available lang sa wikang ingles) at gumawa ng account.

## Paano kung nagbago ang aking istado sa imigrasyon o pagkamamamayan?

Kung nagbago ang iyong istado sa imigrasyon o naging mamamayan ka ng U.S., dapat mong sabihin sa amin para ma-update namin ang mga rekord mo. Para maitama ang iyong estado sa imigrasyon o pagkamamamayan na na-update sa rekord namin, kailangan mong magpakita ng mga dokumentong nagpapatunay sa bago mong estado sa imigrasyon o pagkamamamayan. Maaari lamang kaming tumanggap ng ilang mga dokumento bilang patunay ng pagkamamamayan para sa mga bago at kapalit na card. Kabilang dito ang pasaporte sa U.S., Sertipiko ng Naturalisasyon o Sertipiko ng Pagkamamamayan. Kung hindi

ka mamamayan ng US, hihilingin ng Social Security na makita ang kasalukuyan mong mga dokumento sa imigrasyon.

## Paano kung mawala o manakaw ang card ko?

Puwede mong palitan nang libre ang Social Security card mo o ng anak mo kung nawala ito o nanakaw. Gayunpaman, limitado sa 3 kapalit na card sa isang taon ang mga may hawak ng card at 10 sa buong buhay. Hindi kasama sa mga limitasyong ito ang mga legal na pagpapalit ng pangalan at iba pang eksemasyon. Halimbawa, hindi mabibilang sa mga limitasyong ito ang mga pagbabago sa istado na hindi mamamayan na nangangailangan ng mga update sa card. Gayundin, maaaring hindi ka maapektuhan ng mga limitasyong ito kung mapapatunayan mong kailangan mo ang card para maiwasan ang malaking paghihirap.

Para makakuha ng kapalit na Social Security card, dapat kang magpakita sa amin ng dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan mo. Dapat mo ring ipakita sa amin ang mga dokumentong nagpapatunay ng iyong edad at pagkamamamayan sa U.S., kung wala pa ang mga ito sa aming mga rekord.

Pareho lang ang pangalan at number ng iyong kapalit na card sa nauna mong card.

Para makakuha ng kapalit na Social Security card, kailangan mong sundan ang mga hakbang na binanggit sa **[www.ssa.gov/ssnumber](http://www.ssa.gov/ssnumber)** (available lang sa wikang Ingles).

## Paano ko maiingatan ang aking SSN?

Dapat mong ituring ang iyong SSN number bilang kumpidensyal na impormasyon at iwasang ibigay ito nang hindi kinakailangan.

Dapat mong ilagay sa ligtas na lugar ang iyong Social Security card kasama ng iba mo pang mahahalagang papeles. Huwag dalhin ito maliban kung kailangan mong ipakita ito sa isang employer o provider ng serbisyo.

Gumagawa kami ng ilang bagay para protektahan ang iyong number mula sa maling paggamit. Halimbawa, hinihiling namin at maingat na sinisiyasat ang patunay ng pagkakakilanlan mula sa mga taong nag-aaplay para palitan ang nawala o nanakaw na Social Security card, o nag-aaplay na itama ang isang card. Ang isang dahilan kung bakit namin ito ginagawa ay para pigilan ang mga tao sa mapanlinlang na pagkuha ng mga SSN para magtatag ng mga maling pagkakakilanlan.

Pinapanatili naming pribado ang mga rekord ng Social Security maliban kung:

- Inaatasan kami ng batas na ibunyag ang impormasyon sa ibang ahensya ng gobyerno.
- Kailangan ang impormasyon mo para magsagawa ng mga gawain ng Social Security o iba pang programa ng gobyerno para sa kalusugan at kapakanan.

Dapat kang maging maingat sa pagbabahagi ng iyong number at card para maprotektahan laban sa maling paggamit ng number mo. Boluntaryo ang pagbibigay ng number mo kahit na direktang hiningi sa iyo ang number.

Kung hinihiling, dapat kang magtanong:

- Bakit kailangan number mo?
- Paano nila gagamitin ang number mo?
- Ano ang mangyayari kung tumanggi ka?
- Anong batas ang nangangailangan na ibigay ang number mo?



Makakatulong ang mga sagot sa mga tanong na ito sa iyo na magpasya kung ibabahagi mo ang iyong SSN. Kung hindi ka sigurado, huwag ibigay ang iyong SSN hanggang sa makumpirma mo ang pangangailangan para dito.

## Pakikipag-ugnayan sa Amin

May ilang paraan upang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng online, sa telepono, at personal. Narito kami para sagutin ang mga tanong mo at para paglingkuran ka. Sa loob ng mahigit 85 taon, nakatulong ang Social Security na gawing matiwasay ang kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong tao sa kanilang paglalakbay sa buhay.

### Bisitahin ang aming website

Ang pinakamaginhawang paraan para magsagawa ng gawain sa Social Security ay online sa **[www.ssa.gov](http://www.ssa.gov)** (available sa wikang Ingles at Espanyol). Marami kang magagawa. Available lang sa wikang Ingles ang ilan sa mga serbisyong ito. Para tulungan kang magsagawa ng gawain sa Social Security,

- Mag-apply para sa Extra Help with Medicare prescription drug plan costs (Ekstrang Tulong sa mga gastusin sa plano sa inireresetang gamot ng Medicare) (available lang sa wikang Ingles).
- Mag-apply para sa karamihang uri ng benepisyo (available lang sa wikang Ingles).
- Humanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon (available sa iba't ibang wika).
- Masagot ang mga madalas itanong (available sa wikang Ingles at Espanyol).

Kapag gumawa ka ng isang personal na *my* Social Security account (available lang sa wikang Ingles), mas marami ka pang magagawa.

- Repasuhin ang iyong *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security).
- Beripikahin ang iyong mga kinita.
- Kumuha ng mga pagtaya ng mga benepisyo sa hinaharap.
- Mag-print ng sulat ng beripikasyon ng benepisyo.
- Baguhin ang iyong impormasyon ng direktang deposito.
- Humiling ng kapalit na Medicare card.
- Kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S.
- Humiling ng kapalit na Social Security card, kung wala kang pagbabago at nakikibahagi ang iyong estado.

Maaaring maging limitado ang iyong pag-access sa iyong personal na *my* Social Security account para sa mga gumagamit sa labas ng Estados Unidos.

### Tumawag sa amin

Kung hindi mo magamit ang aming mga online na serbisyo, matutulungan ka namin sa telepono kapag tumawag ka sa iyong lokal na opisina ng Social Security o sa aming Pambansang Numerong toll-free na 800. Nagbibigay kami ng libreng mga serbisyo ng interpreter kapag hiniling. Mahahanap mo ang impormasyon ng iyong lokal na opisina sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong ZIP code sa aming webpage ng tagahanap ng opisina (bagama't ang tagahanap ng lokal na opisina ay available lang sa wikang Ingles, maaari mong ilagay ang iyong zip code para mahanap ang pinakamalapit na lokal na opisina).

Maaari kang tumawag sa amin sa **1-800-772-1213** — o sa aming numero ng TTY, **1-800-325-0778**, kung ikaw ay bingi o mahina ang pandinigmakarinig — sa pagitan ng 8:00 a.m. - 7:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. **Ang oras ng paghihintay para**

**makausap ang isang kinatawan ng Social Security ay karaniwang mas maikli tuwing Miyerkules hanggang Biyernes o sa bandang hapon.** Para sa aming mga libreng serbisyo ng interpreter, manatili sa linya at manatiling tahimik sa panahon ng aming mga hudyat na English voice automation, hanggang sumagot ang isang kinatawan ng Social Security . Makikipag-ugnayan ang kinatawan ng Social Security sa isang interpreter para tumulong sa iyong tawag.

Nag-aalok din kami ng maraming awtomatikong serbisyo sa telepono sa Ingles at Es-panyol, available 24 na oras kada araw, kaya hindi mo kailangang makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security.

Kung mayroon kang mga dokumentong kailangan naming makita, tandaan na dapat orihinal ang mga ito o mga kopya na sertipikado ng ahensya na nag-isyu.



Securing today  
and tomorrow

**Social Security Administration**  
Publication No. 05-10002-TL | January 2023  
Ang Social Security Number at Card Mo  
Your Social Security Number and Card (Tagalog)  
Produced and published at U.S. taxpayer expense  
Ginawa at inilathala sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.